# Burial Flag (Bandila ng Paglilibing)

## Bakit Nagbibigay ang VA ng Burial Flag?

Ang bandila ng Estados Unidos ay ibinibigay upang balutan ang kabaong ng namatay na Veteran. Ang bandila ay ibinibigay nang walang bayad. Nilalayon itong parangalan ang alaala ng Veteran na nagsilbi nang marangal sa Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos. Inilalaan ng VA ang bandila sa paglilibing para sa sumusunod na mga Veteran na nakatanggap ng maliban sa kahiya-hiyang pagkakatanggal sa tungkulin.

- Mga Veteran na nagsilbi sa panahon ng digmaan
- Mga Veteran na namatay sa aktibong tungkulin pagkatapos ng Mayo 27, 1941
- Mga Veteran na nagsilbi pagkatapos ng Enero 31, 1955
- Mga Peacetime Veteran na pinatalsik sa tungkulin o pinalaya bago ang Hunyo 27, 1950
- Ilang mga taong nagsilbi sa isang organisadong puwersang militar ng Commonwealth of the Philippines habang naglilingkod para sa Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos
    - Dapat namatay sa petsa o pagkatapos ng Abril 25, 1951
- Ang ilang dating mga miyembro ng Selected Reserves

## Sino Ang Karapat-dapat na Tumanggap ng Burial Flag?

Pagkatapos ang serbisyo sa burol, ang bandila ay ibibigay sa malapit na kamag-anak bilang alaala. Kung walang malapit na kamag-anak, ibibigay ng VA ang bandila sa kaibigan na humihiling nito. Para sa mga pambansang sementeryo ng VA na may Avenue of Flags, maaari ninyong ibigay bilang donasyon ang bandila para maipawagayway kapag may mga piyesta opisyal.

## Paano Ka Makakapag-apply?

Kumpletuhin ang VA Form 27-2008, “Application for United States Flag for Burial Purposes” upang mag-apply. Maaari mong makita ang form sa https://www.vba.va.gov/pubs/forms/VBA-27-2008-ARE.pdf. Ang VA regional offices at ang ilang mga post office ay ang mga pangunahing punto na kung saan ibinibigay ang mga bandila sa paglilibing. Maaari mong mahanap ang iyong pinakamalapit na regional office sa pamamagitan ng pagbisita sa https://www.benefits.va.gov/benefits/offices.asp. Mangyaring tandaan, hindi lahat ng mga lokal na post office ay may mga nakahandang bandila. Tumawag at kumpirmahin sa inyong lokal na post office nang pauna.

## Puwede bang Palitan ang isang Burial Flag?

Ayon sa batas, isa lamang ang maaaring ibigay ng VA na bandila para sa burol ng Veteran. Hindi ito puwedeng palitan kapag nawala, nasira o nanakaw. Gayunpaman, ang ilan sa mga organisasyon o grupo ng komunidad ay maaaring tumulong upang ikuha ka ng isa pang bandila.

## Paano Dapat Ipakita ang Burial Flag?

Depende ito kung bukas o sarado ang kabaong. Ang VA Form 27-2009 (https://www.vba.va.gov/pubs/forms/VBA-27-2008-ARE.pdf) ay nagbibigay ng tamang pamamaraan sa paglalagay at pagtitiklop ng bandila. Ang bandila ay hindi angkop na pang labas. Ito ay dahil sa sukat nito at tela. Ang cotton ay madaling masira sanhi ng lagay ng panahon.